Transport for NSW

# Kaligtasan sa daan

## Panatilihing ligtas ang iyong anak sa loob at labas ng mga sasakyan

Ang isang batang may maayos na pagkalagay ng aprobadong child car seat ay mas malamang na hindi masasawi o masasaktan kung may banggaan.

Ang mga batang may edad na apat hanggang pitong taon ay hindi maaaring umupo sa harapan ng sasakyang may dalawa o mahigit na hilera, maliban na lang kung lahat ng mga upuan sa likod ay okupado na ng mga batang wala pang pitong taong gulang na nakaupo sa aprubadong child restraint o booster seat. Pinakamahusay na gawi ang paupuin ang pinakabata sa mga upuan sa likod ng sasakyan na may dalawa o mahigit na hilera.

Ipinag-uutos ng mga pambansang batas tungkol sa child restraint na ang iyong anak ay nakasuot ng pampigil (restraint) sa sasakyan ayon sa mga sumusunod na paraan:

**0 – 6 buwan**
Aprobadong rear-facing (nakaharap sa likuran) child car seat.

**6 buwan – 4 taon**
Aprobadong rear o forward-facing (nakaharap sa likuran o sa unahan) child car seat.

**4+ taon**
Aprobadong forward-facing (nakaharap sa unahan) child car seat o booster seat.

**145cm o mas matangkad**
Inirerekomendang pinakamababa na taas upang magamit ang adult lap-sash seatbelt.

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap at magkumpara ng mga iba't-ibang child car seat, bisitahin ang **childcarseats.com.au**

Narito ang ilang mga payo upang makatulong na panatilihing ligtas ang iyong anak sa loob at labas ng sasakyan:

- Palaging tulungan ang iyong anak na sumakay at bumaba ng sasakyan sa pamamagitan ng 'Safety Door'. Ito ang pintuan sa likuran ng sasakyan na katabi ng bangketa.
- Tulungan ang iyong anak na mag-buckle up – palaging tingnan na ang seatbelt ay nakasuot nang maayos at hindi nakabaluktot.
- Gawing patakaran na ang bawat pasahero ay maayos na nakasuot ng seatbelt o child car seat bago mo paandarin ang sasakyan.
- Ang natutulog na bata ay dapat nakabitan ng matatag na seat belt habang nasa loob ng sasakyan.
- Huwag kailanman iwanan ang isang bata na nasa anumang edad sa loob ng sasakyan na walang nag-aalagang isang taong may sapat na gulang. Ang mga bata ay maaaring dumanas ng labis na pagkauhaw, pagkahapo dahil sa init at pagpalya ng mga organo kung napabayaan, lalo na sa mga maiinit na araw.

**Natututunan ng mga bata ang mga ligtas na paggamit ng daan mula sa iyo at maipagpapatuloy ang mga ito kapag nasa hustong gulang na sila para makapaglakbay nang mag-isa.**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga bata sa daan, bisitahin ang seksyong pampamilya sa **safetytown.com.au**



**Mga mahahalagang mensaheng pangkaligtasan sa daan na maibabahagi sa iyong anak**

- Click, clack, sa harap at sa likod
- Palaging ligtas na magsuot ng seat belt
- Sumakay at bumaba ng sasakyan sa gilid ng footpath.

Stock code 45095192 June 2024 © Transport for NSW

Masyadong marami ang nasasawi sa mga daan ng NSW.
**Ang ating layunin ay zero.**

NSW GOVERNMENT

TOWARDS ZERO